




## Sa kabuuan:

# 6 KEY POLICY RATE%

Itinaas ng BSP ang *key policy rate* tungo sa 6.0 mula 5.5 percent. Naniniwala ang BSP na ang pagtaas ng *policy rate* ay makakatulong upang hindi lumagpas ang *inflation* sa 2.0-4.0 percent target sa 2024.

Ang *key policy rate*—na nakakaimpluwensya sa interes na pinapataw ng mga bangko sa pautang—ay ang pangunahing instrumento ng BSP upang mapanatiling *stable* ang *inflation*.



Ayon sa pinakahuling *estimate* ng BSP, inaasahang aabot ng 6.1 percent ang *average inflation rate* sa 2023. Mas mataas ito kaysa sa *target range* ng gobyerno na 2.0-4.0 percent.

Sa 2024, inaasahan ng BSP na bababa ang *average inflation rate* sa 3.1 percent na pasok sa *target range*.




Ayon sa *latest assessment* ng BSP, mas malaki ang posibilidad na ang *inflation* ay lalampas sa *forecasts* ng BSP.

Mas matimbang ang mga bagay na maaaring magpataas lalo ng *inflation* para sa taong 2023 at 2024.

Kabilang dito ang presyo ng mga pagkain sa pandaigdigang merkado, kakulangan sa *supply* ng ilang pagkain, karagdagang pagtaas ng pamasahe dala ng di-inaasahang pagtaas sa presyo ng langis, at mas mabilis na pagtaas ng pasahod ngayong taon kaysa sa unang tanyaa.

Samantala, ang matamlay na paglago ng pandaigdigang ekonomiya ay maaaring magpapababa sa *inflation* kaysa sa *forecasts* ng BSP.




Ayon sa resulta ng *survey* ng mga pribadong ekonomista na isinagawa ng BSP noong Pebrero 2023, inaasahan na ang *inflation rate* ay aabot sa 6.0 percent ngayong 2023, 4.0 percent sa 2024, at 4.1 percent sa 2025.

Ayon sa mga ekonomista, naging basehan ng kanilang *forecast* ang mataas na *inflation* noong Enero, mataas na *demand* para sa mga produkto at serbisyo, at kakulangan sa *supply* ng ilang bilihan.



Nakabangon na ang ekonomiya mula sa COVID-19 *crisis*. Ang paglakas ng ekonomiya ay maaaring nakaambag sa lalong pagbibilis ng *inflation*.

Inaasahang aabot sa *growth target* ng gobyerno na 6.0-7.0 percent ang paglago ng ekonomiya ngayong 2023. Sa 2024, inaasahang lalago pa rin ang ekonomiya ngunit sa mas mabagal na antas.



Layunin ng BSP na maibalik sa *target range* ang *inflation*, ayon sa mandato nitong makamit ang *price stability*.

Hinihikayat ng BSP ang *whole-of-government approach* upang matugunan ang kakulangan sa *supply* at mabilis na pagtaas ng presyo ng mga pagkain at iba pang pangunahing bilihan.

## Itinaas ng BSP ang *key policy interest rate* sa 6.0 percent.

# 6 KEY POLICY RATE%


Nagdesisyon ang Monetary Board ng BSP na itaas ang *key policy interest rate* sa 6.0 percent simula 17 Pebrero 2023. Ang bagong *policy rate* ay mas mataas ng 50 *basis points* (o kalahating porsyento) kaysa sa nakaraang 5.5 percent.

Inaasahang tataas din ang interes ng mga bangko na makakabawas sa pangungutang ng mga indibidwal at negosyo. Dahil dito, maaaring ipagpaliban muna ng mga tao ang pagbili ng mga bagay na siyang magpapababa sa *demand*.

Sa pagbagal ng *demand* sa mga produkto at serbisyo, maaasahan ng mga tao na babagal din ang *inflation* sa hinaharap. Dahil dito, hindi na kailangang manghingi ng karagdagang sahod ang mga tao o kaya'y magpataas ng presyo ng kanilang produkto ang mga kumpanya.



## Inaasahan ang patuloy na pagtaas ng inflation sa 2023 at 2024.




Sa pinakahuling *estimate* ng BSP, mananatiling mataas ang *inflation rate* sa mga susunod na buwan at aabot ito sa *average* na 6.1 percent para sa buong taon ng 2023. Mas mataas ito kaysa sa nakaraang *forecast* na 4.5 percent na inanunsiyo noong Disyembre 2022.

Para sa taong 2024, inaasahan ng BSP na ang *inflation rate* ay bababa sa 3.1 percent. Bagama't mas mataas ito kaysa sa nakaraang *forecast* na 2.8 percent, pasok ito sa *target range* ng gobyerno.

Ang mas mataas na *inflation forecasts* ay dulot ng *actual inflation* na naging mas mataas sa inaasahan; pagtaas ng presyo ng mga pagkain, kagamitan, at pamasaha; pati na ang pagtaas sa singil ng renta at *restaurants*. Ang inaasahang mabilis na paglago ng ekonomiya sa 2023 ay nagpataas din sa *inflation forecast*.

Samantala, inaasahang bababa ang *inflation* sa *target range* bandang Enero 2024 dahil sa epekto ng mababang pandaigdigang presyo ng langis at iba pang bilihin, kasama na rin ng “*base effects*” (Ang mataas na *inflation rate* ay karaniwan, ngunit 'di palagi, sinusundan ng mas mababang *inflation rate* makalipas ang isang taon).


## Mga bagay na maaaring magpataas ng inflation sa 2023 at 2024 kaysa sa BSP forecasts.



May mga bagay na maaaring magpataas ng *inflation* kaysa sa *forecasts* ng BSP para sa taong 2023 at 2024. Kabilang dito ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin sa pandaigdigang merkado, pagtaas ng presyo at posibleng limitadong *supply* ng ilang pagkain sa lokal na merkado, at pagtaas ng pamasaha dahil sa di-inaasahang pagtaas ng presyo ng langis.

Sa kabilang banda, ang matamlay na paglago ng pangdaigdigang ekonomiya ay maaaring magpabalag sa *inflation rate* kumpara sa *forecasts*.

## Lalong tumaas ang ‘inflation expectations’ ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor.



Ayon sa *survey* na isinagawa ng BSP noong Pebrero 2023, inaasahan ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor na ang *inflation rate* ay aabot sa 6.0 percent ngayong taon. Ito ay mas mataas kaysa sa 4.9 percent na naitala sa *survey* noong Enero ng taong ito.

Para sa 2024, inaasahan nila na ang *inflation rate* ay aabot sa 4.0 percent, mas mataas kaysa sa 3.7 percent na naitala noong nakaraang buwan.

Para sa 2025, inaasahan nilang aabot ang *inflation rate* sa 4.1 percent, mas mataas kaysa sa 3.6 percent na *forecast* nila noong Enero.

Inaasahan ng mga pribadong ekonomista na mananatiling mataas kaysa sa *target range* ang *inflation rate* ngayong taon dahil sa mga sumusunod: mataas na inflation noong Enero; mataas na *demand* para sa mga produkto at serbisyo; at kakulangan sa *supply* ng ilang mga bilihin.





## Bumibilis ang domestic economic activity.




Lumago ang ekonomiya ng 7.6 percent noong 2022, higit pa sa 6.5 hanggang 7.5 percent na target ng gobyerno.

Sa *demand side*, ang *household consumption* at *investments* ang siyang nagpataas ng antas ng ekonomiya.

Sa *production side*, ang paglago ng *services sector* na kinabibilangan ng *wholesale* at *retail trade*, *repair* ng mga sasakyan at motorsiklo, at mga *financial* at *insurance activities*, ang nagpalago sa ekonomiya.

Ayon sa sariling *growth estimates* ng BSP, inaasahan ang patuloy na pagbubukas ng mas marami pang industriya tulad ng turismo at edukasyon na magdudulot ng mas maraming trabaho at aktibidad tungo sa mas maunlad na ekonomiya.

## Umaaksyon ang BSP upang maibalik ang inflation rate sa susunod na taon sa 2.0 to 4.0 percent na target range ng gobyerno.



Inaasahang mananatiling mataas ang *inflation* sa mga susunod na buwan sanhi ng patuloy na kakulangan sa mga pangunahing *supply* at malakas na *demand* para sa mga produkto at serbisyo. Ang karagdagang pagtaas ng *policy rate* ay ginawa ng BSP upang hindi tuluyang lumampas ang *inflation* sa *target* nito sa 2024 at upang pigilan ang tuluyang paglayo ng *inflation expectations* mula sa 2.0-4.0 percent *target*.

Pangunahing layunin ng BSP ang maibalik ang *inflation* sa *target*. Handa ang BSP na gawin ang nararapat na mga hakbang upang makamit ito. Ang mga susunod na desisyon ng BSP sa maaaring pagtaas ng *policy rate* ay nakasalalay sa mga darating na bagong impormasyon at kung paano nito maaaring mabago ang *projections* ng BSP ukol sa *inflation* at *GDP growth*.

Sinusuportahan ng BSP ang agresibo at napapanahong aksyon ng gobyerno para matugunan ang kakulangan sa *supply* ng pagkain sa bansa. Ilan sa mga aksyon na ito ay ang pag-angat at pagpapalakas ng produksyon ng pagkain sa bansa.

## Itinaas ng BSP ang key policy interest rate sa 6.0 percent...

### Ibig sabihin...



Inaasahan na magtataas din ng interes ang mga bangko sa mga pautang nito na siya namang magpapahina sa paghihiram ng mga indibidwal at negosyo. Subalit, kung hindi naman itataas ng BSP ang *interest rate*, mas lalong tataas ang *inflation* sa mas mahabang panahon na makakasama lalo sa lahat.

Maaaring tingnan ang kabuuan ng 2023 February Monetary Policy Report  
[https://www.bsp.gov.ph/SitePages/PriceStability/FullReportMPR/MonetaryPolicyReport\\_Feb2023.aspx](https://www.bsp.gov.ph/SitePages/PriceStability/FullReportMPR/MonetaryPolicyReport_Feb2023.aspx)

